



Alamin ang Inyong Mga Karapatan!

Ang Kailangan Ninyong Malaman tungkol sa E-Verify

Ang **E-Verify** ay isang palatuntunan na batay sa Internet na pinapamahalaan ng Pamahalaan ng Estados Unidos. Ang mga maypagawa ay gumagamit ng E-Verify upang siyasatin kung ang mga kawani ay legal na makakapagtrabaho. Kapag kayo ay nag-prisinta ng trabaho sa isang maypagawa na gumagamit ng E-Verify, kayo ay dapat na abisuhan ng maypagawa na gumagamit ito ng E-Verify. Kung ang inyong maypagawa ay gumagamit ng E-Verify, mayroon kayong ilang partikular na mga karapatan.

Paano Gumagana ang E-Verify

- Inihahambing ng E-Verify ang kabatiran mula sa inyong Kaanyuang I-9 sa kabatiran ng mga tala sa pampamahalaang imigrasyon, Panlipunang Kaligtasan, at iba pang mga tala.
- Kukumpirmahin ng E-Verify na kayo ay legal na makakapagtrabaho kung ang kabatiran ay magkatugma.
- Kung hindi magkatugma ang impormasyon, dapat kayong sabihan ng inyong employer na may problema at niya kayong bigyan ng nakasulat na tagubilin tungkol sa kung paano ito aayusin at ng deadline para sa pakikipag-ugnayan sa pamahalaan.
- Direkta kayong papadalan ng email ng E-Verify tungkol sa problema kung isasama ninyo ang inyong email address sa inyong I-9 Form.

Ang mga maypagawa ay hindi maaaring:

- Siyasatin ang inyong kabatiran sa E-Verify hanggang sa pagkaraan na kayo ay natanggap at napunuan na ang inyong Kaanyuang I-9.
- Gamitin ang E-Verify para sa muling pagpapatunay.
- Pigilan kayong magtrabaho pagkatapos ninyong punuin ang inyong Kaanyuang I-9 sa dahilan lamang na hindi pa ninyo natatanggap ang inyong Kabilangan ng Panlipunang Kaligtasan.

Kayo ay Mayroong Mga Karapatan Habang Inaayos ang isang Suliranin ukol sa E-Verify

Habang inaayos ninyo ang isang suliranin sa inyong kaso ukol sa E-Verify, ang inyong maypagawa ay hindi maaaring :

- Tanggalin kayo
- Suspindehin kayo
- Paghintayin kayo bago magsimulang magtrabaho o magsanay
- Subukang pagbitiwain kayo
- Bawasan ang mga oras ng inyong pagtatrabaho
- Tumangging bayaran kayo para sa trabaho na inyo ng nagawa



**Kung Kayo ay May Karapatang Magtrabaho,
Huwag Hayaang Agawin Ito ng Sinuman**

Tumawag sa E-Verify para sa Tulong ukol sa Inyong Kaso sa E-Verify

1-888-897-7781

(Magagamit ang Pagsasaling Pangwikain)

www.dhs.gov/everify

Tumawag sa OSC kung:

- Ang inyong maypagawa ay gumagamit ng E-Verify para lamang sa mga imigrante, mga nanggaling sa isang partikular na bansa o mga mukhang "dayuhan"
- Hindi kayo pinahihintulatang magtrabaho ng iyong maypagawa o sila ay gumagawa ng iba pang pagkilos laban sa inyo kapag inaayos ninyo ang isang suliranin ukol sa E-Verify
- Hinihingan kayo na magpakita ng isang partikular na kasulatan, sa halip ng inyong pagpili, para sa Kaanyuang I-9 at E-Verify

Hotline para sa Manggagawa: 1-800-255-7688

O 1-800-237-2515 (TDD)

(Magagamit ang Pagsasaling Pangwikain)

www.justice.gov/crt/about/osc